



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XL Blg. 23
Disyembre 7, 2009
www.philippinerevolution.net

Editoryal

Duguan ang mga kamay ng rehimeng US-Arroyo

Duguan ang mga kamay di lamang ng mga Ampatuan at mga armadong pwersa nila para sa masaker sa Maguindanao. Pangunahin ang pananagutan ng rehimeng US-Arroyo at ng kabuuhan ng pinaghahari-an nitong bulok na naghaharing malakolonyal at mala-pyudal na sistema.

Ang masaker sa Maguindanao ay karumal-dumal na krimen ng isang pyudal at militaristang *warlord* na inaruga at pinalaki ng kaalyado nitong naghaharing rehimeng bilang kabayaran sa marami nitong utang sa mga Ampatuan. Binigyang-daan ng rehimeng ibayong pagpapalaki, pag-aarmas at pamamayagpag ng pribadong hukbo ng angkang ito para magamit na instrumento ng karahasan kapwa sa mga kalaban nila sa reaksyunaryong pulitika at sa mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan.

Nagulantang ang publiko sa malagim na kinahantungan ng sistematiko at walang rendang paglalarga ni Gloria Arroyo sa warlordismo ng kanyang mga alyado. Umani ng matindi at malawakang pagkundena mula sa iba't ibang sektor ng mamamayan sa buong bansa at daigdig ang karima-rimarin na masaker. Ang masaker ay isinagawa ng angkang Ampatuan, kanilang pribadong hukbo at mga kasabwata na powersang militar, paramilitar at pulisia ng gobyerno noong Nobyembre 23. Ito ay para lamang mapigilan ang pagrehistro ng kandidatura ng isang malakas na karibal mula sa pamilyang Mangudadatu, isa ring angkang *warlord*.

Umaabot na sa 57 ang natagpuang bangkay sa pinangyarian ng masaker. Kabilang sa mga biktima ang mga myembro ng ang-



Mga tampok sa isyung ito...

Mga *warlord*, inaruga ng rehimeng US-Arroyo PAHINA 3

Panibagong pihit sa laro ni Arroyo PAHINA 6

10 armas, nasamsam ng BHB PAHINA 10

kang Mangudadatu, 30 mamamahayag, dalawang abugado at ilang sibilyang nadamay lamang. Ginahasa pa ang ilang babaeng biktima at sinalaula rin ang bangkay ng maraming iba pa.

Mismong sa mga oras na naganap ang masaker, ang mga pinuno ng angkang Ampatuan ay nasa Malacañang at kausap ni Arroyo.

Pinatampok ng masaker sa Magindanao ang kultura ng walang pakundangang karahasan na inilalarga ng rehimeng Arroyo at ng kabuuan ng neokolonyal at malapuyodal na reaksyunaryong politika at sistema ng paghahari sa bansa. Kabilang na rito ang bulok, buktot at anti-mamamayang katanganian ng mga reaksyunaryo at oportunistang pampolitikang alyansa sa pagitan ng mga pambansang *warlord* na nag-aagawan at naghahari sa reaksyunaryong estado at mga *warlord* na nag-aagawan at naghahari sa lokal na kapangyarian. Malaon nang bahagi ng bulok na reaksyunaryong politika sa bansa ang brutal na paggamit ng mga *warlord* sa mga pwersang militar, paramilitar, pulisia at pribadong *goons* para sa sariling interes at laban sa interes ng mamamayan.

Ang di hamak na mas maraming biktima ng walang pakundangang karahasan ng naghaharing rehimeng at estado ay ang mga lumalaban at nagsusulong ng mga pagbabago sa bulok, marahas at anti-mamamayang paghahari at sistema. Malaon nang duguan ang mga kamay ng naghaharing rehimeng at pagpaslang sa mahigit isang libo nang mga aktibista, mamamahayag at iba pang masusugid na tumutunggali sa buktot na paghahari. Sarsi-sari pang malalalang paglabag sa karapatang-tao, tulad ng pagdikut, iligal na pagkulong, tortury, pananakot at iba pang pasistang pang-aabuso ang inihahasik ng naghaharing rehimeng at maging sa mga inosenteng sibilyan. Milyun-milyon ang biktima ng mga operasyong militar, pwersahang pagpapalikas, blokeyo sa pagkain, pagwasak ng mga komunidad at sakahan at iba pang pasistang karahasan.

Maging sa panahon ng mga eleksyon para sa reaksyunaryong gubyerno, pinakamarami sa mga pinapatay at dumaranas ng karahasan ng mga pasistang militar, paramilitar, pulisia at pribadong *goons* ng mga *warlord* ay mga militanteng

lider at aktibista ng mga demokratiko at progresibong organisasyong masa at partido. Ang maruruming taktika at karahasan ng mga pwersa ng reaksyunaryong estado laban sa kanila ay ikinukumpas mula sa pinakamataas na antas. Pinakamatingkad na halimbawa ang Inter-Agency Legal Action Group ng Malacañang na siyang nagtakda ng balangkas ng pandarahas at panggigipit na ipinatutupad hanggang sa antas ng mga lokal na tirano sa katauhan ng mga *warlord* at kasabut nilang mga pwersang militar, paramilitar at pulisia.

Dapat mapagpasyang panagutin ang mga pinuno ng mga Ampatuan at lahat ng mga nag-utos at nagpatupad sa masaker sa Magindanao. Higit pa, dapat panagutin si Gloria Arroyo at ang kanyang rehimeng ito at marami pang kasalan sa bayan. Lalo ito't gumagawa ngayon ang rehimeng iba't ibang desperadong paraan katulad ng pagdedeklara ng batas militar ngayon sa kalakhan ng Magindanao para idistansya ang sarili sa mga Ampatuan sa harap ng matindi at malawak na kundenasyon sa karumal-dumal na masaker at samantalahin ang iba't ibang paraan at instrumento ng reaksyunaryong estado upang malinlang at lalo pang masupil ang mamamayan, iligtas ang sarili at makapangunyapit parin sa poder.

Subalit kahit ano pa ang gawin ni Arroyo at ng kanyang rehimeng para iligtas ang sarili, hindi niya matakpan ang nagdudumilat na katorohanang siya ang nasa likod ng mga Ampatuan at may pangunaing responsibilidad sa krimen nila. Siya ang pinakapasimuno sa paghahasik ng kultura ng walang pakundangang karahasan ng gayong mga *warlord*, ng mga pasistang pwersang militar, paramilitar at pulisia, at kabuuan ng pambansa at lokal na makinarya ng teroris-

ANG Bayan

Taon XL Blg. 23 Disyembre 7, 2009

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong *i-download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: angbayan@yahoo.com

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Nilalaman

Editorial

Duguan ang mga kamay ng rehimeng

warlord, inaruga ng rehimeng

Masaker, malawakang kinukundena

Panibagong pihit sa laro ni Arroyo

Pagkandidato ni Arroyo

Koresponsal

Mga aral sa kanlurang Cagayan

Matatagumpay na TO

10 armas, nasamsam ng BHB

Ika-45 taon ng KM, ginunita

Pananalanta ng pasistang estado

2 abugado, biktima ng masaker

Balita

mo ng papet na reaksyunaryong estado. Di maipagkakaila na siya at ang mga tuso at pasistang pinuno ng kanyang rehimeng nag-uutos sa paghahasik ng marurumi at marahas na atake sa mga rebolusyonaryong pwersa, mga aktibista at iba pang masugid na nakikibaka sa bulok at buktot na paghahari ng kanyang rehimeng at ng buong sistema. Di maikukubli na ang lahat ng ito ay pinag-iibayo ngayon sa despresyon niyang makatagal sa pwesto at maiwasang mapan-

nagot sa marami na niyang krimen sa bayan.

Nagsisilbi itong hamon sa mga rebolusyonaryong pwersa at malawak na mamamayan na taglayin ang ibayong determinasyon para iwaksi at palitan di lamang ang umiiral na paghahari at mga buktot at berdugong mga kaalyado at galamay nito, kundi ang kabuuhan ng papet at reaksyunaryong estado at ang sistemang tinutuntungan ng bulok, marahas at anti-mamayang rehimeng.

AB

Mga warlord, inaruga ng rehimeng

Matagal nang kilala ang angkang Ampatuan sa pagiging mababagsik na *warlord*. Subalit pinasahol pa ito ng naghaharing rehimeng Arroyo.

Bago maganap ang madugong masaker sa Maguindanao, mahigpit na nakapailalim sa kapangyarihang pyudal-militar ng *warlord* na angkang Ampatuan ang prubinsyang ito at ang Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM).

Mula pa noong dekada 1930, sa panahon ng tuwirang kolonyalismo ng US ay naghahari na sa mga bahaging iyon ng Mindanao ang angkan. Mahigpit silang nakikipagtulungan sa mga pwersang militar, paramilitar at pulisia ng sunud-sunod na papet na reaksyunaryong rehimeng. Pinakabase ng pampulitikang kapangyarihan nila ang sangkatlo ng mga munisipalidad sa prubinsya ng Maguindanao.

Ang kasalukuyang pinuno ng angkan, si Andal Ampatuan Sr. ay isa sa mga lokal na *warlord* na ginamit ng diktadurang Marcos sa kampanya laban sa Moro National Liberation Front. Pag-upo sa poder ng rehimeng Aquino, si Ampatuan Sr., na bise alkalde noon ng Magano (ngayo'y Shariff Aguak, kabiseera ng Maguindanao) ay hinirang na OIC (*officer-in-charge*) bilang alkalde. Noong 1988 ay upisyal na nahalal siyang meyor.

Noong 2001, nang maghanap ang kaluluklok na rehimeng Arroyo ng maaaring isabak para maging gubernador ng Maguindanao laban sa nakaupong maka-MILF na guber-

nador na Zacaria Candao, si Ampatuan Sr. ang pinili. Sa tulong ng AFP, minaniobra ng Malacañang ang pagkapanalo ni Ampatuan. Nasasa ikatlong termino na ngayon si Ampatuan Sr. bilang gubernador ng Maguindanao.

Lumaki pang lalo ang kapangyarihan ng mga Ampatuan matapos ang eleksyong pampanguluhan ng 2004, kung saan nagsabutan sina Comelec Commissioner Virgilio Garcillano (na nakilala sa mga teyp na "Hello, Garci") at mga Ampatuan para ibigay ang halos lahat ng boto ng prubinsya kay Arroyo. Ang pekeng pangulo ay nagsakmit ng may 200,000 boto sa Maguindanao samantalang ang popular na si Fernando Poe Jr. ay nakakuha lamang ng wala pang 60,000 boto. Sa tatlong bayan ng prubinsya, nagawa pa ng mga Ampatuan na palabasing wala ni isang botong nakuhang si Poe. Pagkatapos nito, naghanda ng piging si Arroyo sa Malaca-

ñang para lamang sa mga Ampatuan. Noon namang Setyembre 2005, bilang dagdag na gantimpala sa pagtulong ng mga Ampatuan na magkaroon ng isang milyong "lamang" kay Poe si Arroyo, niluto ng Malacañang ang paghawak ng mga Ampatuan sa Autonomous Region of Muslim Mindanao (ARMM) sa pamamagitan ng panganay na anak ni Ampatuan Sr. na ni Zaldy Ampatuan.



Sa eleksyon noong 2007, higit pang pinatunayan ng angkang ito ang kanilang kapangyarihan nang "maipanalo" nang 12-0 sa Maguindanao at marami pang lugar sa ARMM ang mga kandidato sa pagkase-nador sa ilalim ng "Team Unity" ni Arroyo laban sa oposisyon.

Kapalit nito, binigyang-daan ng rehimeng ang pagluluklok sa mga myembro ng angkang Ampatuan sa mga namumunong pwesto sa mga pamahalaang lokal, sa ARMM, sa Kongreso at maging sa gabinete ni Arroyo. Biniyayaan din sila ng rehimeng Arroyo ng malalaking subsidyo at suportang pinansyal, kabilang ang daan-daang milyong pondo para sa "malalaking proyektong konstruksyon" tulad ng kapitolyo at *sports center*. Higit sa lahat, tinustusan ng estado ang malaking pribadong hukbo at arsenal ng mga Ampatuan.

Bantog sa kasamaan ang pyudal at militaristang angkan at si Ampatuan Sr. mismo sa paggamit ng pwersa at dahas sa kanilang mga kalaban. Noong 1988, pinapatay niya ang pinakamahigpit niyang kalaban sa pagkameyor ng Maganoy bago pa mag-eleksyon. Noon namang 2002, isang taon matapos ang eleksyon, dalawang kamaganak ni Candao ang ipinadukot ni Ampatuan Sr. at hindi pa natatagpuan hanggang ngayon.

Ang kanilang pribadong hukbo na datiy mahigpit lamang na naki-pagsabwanan sa mga pwersang militar at pulisia ng reaksyunaryong estado ay ibayong pinalaki at inarmasan ng rehimeng Arroyo nang ikampanya nito ang maramihang pagtatayo at pag-aarmas ng mga pwersang paramilitar at pag-papailalim ng mga ito sa kapangyarihan ng mga lokal na upisyal. Para rito, inilabas ni Arroyo noong Oktubre 2006 ang Executive Order (EO) 546 na nagbibigay-daan at nagpondo sa mga lokal na upisyal at pulisia na magtayo at mag-ar-

mas ng mga pwersa ng Special Civilian Armed Auxiliary (SCAA) bilang dagdag na pwersa laban sa mga kawayan ng estado. Sa pamamagitan nito ay binigyan ng rehimeng ang mga *warlord* na kakampi nito ng lisensya para makapangibabaw sa mga kalaban sa pulitika at gumawa ng mga kabuktutan laban sa mamay-an.

Pero ang pangunahing layunin nito'y magamit ang mga pwersang paramilitar ng mga *warlord* tulad ng mga Ampatuan para labanan ang rebolusyonaryong kilusan ng Moro Islamic Liberation Front (MILF) at Bagong Hukbong Bayan (BHB) at gamiting dagdag na instrumento ng Oplan Bantay Laya. Alinsunod ito sa kabuuang disen-syo at mga iskema ng US na gamitin ang terorismo ng estado at walang pakundangang mga paglabag sa karapatang-tao sa iba't ibang antas laban sa rebolusyonaryong kilusan at iba pang oposisyon. Instrumento rito ang sariling mga operatiba ng US, mga pwersa ng papet ng estado at mga lokal na tirano tulad ng mga Ampatuan.

Makaraan ang tatlong taon, ibayong napalaki ng mga Ampatuan ang sariling hukbo tungong 500 hanggang 800 katao, kabilang na ang 200 pwersa ng SCAA, sa basbas ng rehimeng Arroyo at gamit ang pondo ng gubyerno. Bukod ito sa paggamit at pakikipagsabwanan pa rin nila sa mga lokal na pwersang militar at pulisia.

Di nakuntento sa mga lumang ripleng M14, karbin at Garand na dala ng mga SCAA, bumili pa at nakuha ang mga Ampatuan ng mas moderno at mas malakas na armas mula sa militar at pulisia. Kabilang sa mga natagpuan nito lamang Disyembre 4 sa mga taguan nila sa loob at paligid ng naglalaki-han nilang mansyon, bodega, rantso at iba pang sikretong taguan ang mga armas tulad ng mga 60 mm mortar, *recoilless rifle*, M60, Ul-

timax, Heckler & Koch *light support machine gun*, kalibre .50 Barrett *sniper rifle*, Belgian FAL at mahigit 200 iba pang malakas na baril. May mahigit 500,000 bala rin ang natagpuan. Labis-labis ang mga ito para armasan ang dalawang batalyon. Karamihan sa mga ito'y isinuplay ng reaksyunaryong militar at may mga tatak pang "DND Arsenal."

May mga nakatago pa silang mga *armored personnel carrier* na gamit lamang ng mga militar at pulisia ng gubyerno.

Di lamang nakikita ang mga gamit at gawing ito sa mga Ampatuan. Maging ang mga Mangudadatu na binira ng mga Ampatuan ay armadong *warlord* na angkan din. Sila naman ngayon ang inihahalili bilang mga lokal na pasistang galamay ng rehimeng Arroyo sa Maguindanao at mga karatig nito. Ito'y sa kalagayang sirang-sira na sa publiko ang mga Ampatuan dahil sa dami na ng malilinaw na ebidensya laban sa kanila at sa kahirapan na ng rehimeng isalba sila at ang buktot na relasyon nila ng rehimeng.

Kabilang sa iba pang pyudal at militaristang mga *warlord* na kasilukuyang kakampi ng rehimeng Arroyo ang anti-Bangsamoro at kontra-rebolusyonaryong *warlord* na angkang Piñol ng North Cotabato na inengganyo ng rehimeng Arroyo na ibayong magpalakas at magpakanala ng pribadong hukbo nila laban sa MILF, Bagong Hukbong Bayan at iba pang "kaaway ng estado." Nariyan din ang mga Pineda sa Pampanga at mga Dy sa Isabela.

Bagamat tampok ang pagkalat ng mahigit 114,000 armas na havak ng mga pyudal at militaristang *warlord* sa ARMM, marami ring mababagsik na *warlord* sa iba pang bahagi ng bansa, kapwa mga nasa kampung Arroyo at iba't ibang kampo ng mga reaksyunaryong pulitiko.

AB

Masaker, malawakang kinukundena

Malawakan ang panawagan sa buong bansa at daigdig para kundehin ang masaker sa Maguindanao at panagutin ang mga responstable rito.

Mga pagkundena sa loob ng bansa. Kung hindi agad na mabibigyang-katarungan ng gubyernong Arroyo ang mga biktima ng Ampatuan masaker, magbitiw na lang siya sa pwesto.

Ito ang panawagan ng siyam na grupo ng mga peryodista sa pahayag na inilabas nila nitong Nobyembre 30. Isinisisi nila sa rehimeng kultura ng walang pakunda ng karahasan na humantong sa karumal-dumal na masaker kung saan 30 mamamahayag ang kabilang sa mga biktima.

Kabilang sa mga iginiit ng mga mamamahayag ang pag-aresto at pag-uusig sa lahat ng sangkot sa krimen at ang pagbubuo ng ispesyal na hukuman para rito. Hiniling din nila ang lubos na proteksyon sa mga testigo at ang paglalansag sa lahat ng mga pribadong hukbo sa bansa.

Ang panawagan ay ginawa ng National Union of Journalists of the Philippines, Freedom Fund for Filipino Journalists, College Editors Guild of the Philippines, Center for Community Journalism and Development, Center for Media Freedom and Responsibility, Philippine Human Rights Reporting Project, *Philippine Press Institute*, *Philippine Daily Inquirer* at *Business World*.

Noon ding araw na iyon, 3,000 mamamahayag at mga tagasuporta nila, kasama ang 2,000 myembro ng mga progresibong organisasyon ang nagmartsa patungong Mendiola para kundenahin ang Maguindanao Massacre at igiit ang katarungan para sa mga biktima. Nagdala ang mga aktibistang pinamunuan ng BAYAN, GABRIELA, Promotion of Church People's Response, Solidarity Philippines, People's Movement

for Change at National Union of People's Lawyers ng tatlong itim na kabaong—ang isa'y may nakasulat na "Katarungan," ang ikalawa'y "Kalayaan sa Pamamahayag" at ang ikatlo'y "Karapatang-tao." Ito na ang isa sa pinakamalalaking kilos-protesta ng mga mamamahayag sa Pilipinas.

Sa gitna ng protesta ay tumayo si Press Secretary Cerge Remonde sa may rebulto ng yumaong peryodista at tagapaglathala ng *Manila Times* na si Joaquin "Chino" Roces sa Mendiola at tinangkang basahin ang pahayag ni Gloria Arroyo hinggil sa masaker. Pero sinugod siya ng galit na mga mamamahayag at pinagbabato ng nilukot na mga papel at mga tansan. Napilitan siyang umatras.

Bago umalis ang mga demonstrador, binalot nila ng itim na tela ang rebulto ni Roces. Dito'y nagdikit sila ng mga papel kung saan nakasulat ang mga pangalan ng mga mamamahayag na pinaslang sa Maguindanao. Nagtirik din sila sa panan ng rebulto ng mga kandilang may nakataling itim na laso.

Dumalo rin sa protesta si Anbalagan Veerasamy, pangkalahatang kalihim ng Confederation of Asean Journalists.

Noong Nobyembre 27, naglunsad din ng martsa ang mahigit 100 mamamahayag sa Cebu na nakasuot ng itim na mga damit at *armband* para iprotesta ang pagkamatay ng mga kasamahan nila at iba pang biktima ng masaker sa Maguindanao. Kinundena rin ng Cebu Media Legal Aid (Cemla) ang masaker ng mga abugadong tagapagtanggol ng karapatang-tao, mga mamamahayag at iba pang biktima ng masaker.

Sa Legazpi City noong Nobyembre 26, mahigit 300 estudyante ng journalism ang nagsuot din ng itim na damit at *armband* at sumanib sa mga taong nagtipon sa Bicol University College of Arts and Letters para magsindi ng kandila bilang protesta sa masaker.

Marami rin ang mga nagpahayag ng mga kundenasyon sa iba't ibang lugar at daluyan sa internet.

Mga pagkundena sa ibayong dagat. Sa pagkasawi ng 30 mamamahayag sa masaker sa Maguindanao, ang Pilipinas na ang pinakamapananib na lugar sa mundo para sa mga kagawad ng midya. Ito ang sinabi ng International Federation of Journalists (IFJ) at Committee to Protect Journalists, mga internasyunal na organisasyon ngat tagtuguyod ng kalayaan sa pamamahayag.

Ito na ang pinakamalaking bilang ng mga mamamahayag na namatay sa isang insidente sa buong kasaysayan ng pamamahayag sa mundo. Bago ito, ang pinakamalaking bilang ng mga mamamahayag na namatay sa isang insidente ay ang 11 empleyado ng Al-Shaabiya, isang istasyon ng telebisyon sa Iraq na sinalakay ng mga armado at nakamaskarang lalaki noong 2006.

Tinukoy ng IFJ na sa 74 na kaso ng pamamaslang sa mga peryodista sa walong taong panungkulan ng rehimeng Arroyo, apat pa lamang ang nalulutas sa korte.

Ang Reporters Without Borders, isang internasyunal na organisasyon nakikibaka para sa kalayaan sa pamamahayag, ay nagpahayag ng "pinakamariing pagkundena" sa walang katulad na pamamaslang sa Maguindanao, na tinawag nilang "pinakamalalang paglipol ng buhay sa isang araw sa buong kasaysayan ng pamamahayag."

Sinabi rin ng Southeast Asian

Press Alliance na bago pa man ang nangyaring karu-mal-dumal na masaker sa Pilipinas, isa na ito sa mga nangunguna sa usapin ng pamamaslang ng mga mamahayag.

Noong Disyembre 1, mahigit 2,000 delegado mula sa 87 bansa na dumalo ika-62 kongreso ng World Association of Newspapers and News Publishers (WAN-Ifra) ang tumayo at nag-alay ng ilang sandali ng kahitimik para kundenahin ang masaker at magpahayag ng simpatya sa pinaslang na mga kasamahan nila sa sektor. Sa isang resolusyon, sinabi ng lupon ng

mga direktor ng WAN-Ifra na ang nangyaring masaker sa Maguindanao ang “pinakamatinding pamatay na atake sa midya sa kasaysayan.”

May mga organisasyon din ng mamamahayag na Pilipino sa ibayong dagat, kabilang na ang Filipino Press Club-United Arab Emirates na kumundena sa masaker at nagsuot din ng mga itim na damit at armband bilang protesta.

Kinundena rin ng United Nations, European Commission at iba pang pangdaigdigang organisasyon ang masaker.

AB

Batas militar sa Maguindanao

Panibagong pihit sa laro ni Arroyo

Ang Proclamation 1959 ni Gloria Arroyo, na nagpapataw ng batas militar sa kalakhan ng Maguindanao, ay isa lamang bagong pihit sa nagpapatuloy niyang mga pakana.

Noong umpsisa, ang agad na naging tugon ng Malacañang sa masaker sa Maguindanao ay protektahan at iligtas ang alyadong pinag-kakautangan ng malaki ng rehimeng Arroyo. Subalit ang dami na ng ebidensya laban sa mga Ampatuan at ang dami na rin ng hayagang pagkundena sa masaker mula sa loob at labas ng bansa ay hindi na pwedeng ipagwalambahala ng rehimen.

Wala nang magawa ngayon ang Malacañang kundi iligtas ang sari-li. Sinasamantala nito ngayon ang matinding galit at protesta ng mamayan at mga panawagan na dapat panagutan ng mga salarin ang malagim na masaker, upang magpakana pa ng marurumi, tuso at mararahas na iskema para tiyaking makapangunyapit pa rin sa poder kahit matingkad sa publiko ang pananagutan ng rehimen sa masaker.

Nagbabanggaan ang mismong mga sinasabi ni Arroyo para bigyang-katwiran ang pagdedeklarang batas militar. Sinasabi niyang rebelyon na ang presensya ng “mga armadong grupo sa prubinsya ng Maguindanao na nasa pusisyon para lumaban sa mga tropa ng gub-

erno.” Pero ang tinutukoy niya ay ang mga lugar na kontrolado ng mga tradisyunal na pulitikong pyodal na *warlord* na sa aktwal ay inaruga at inarmasan ng gubyerno, at kung saan walang masasabing rebelyon.

Para palabasing may rebelyon sa Maguindanao, naghabi pa ang rehimen ng balitang mayroon uma-nong 4,000 armadong pwersang nakatipon na at nagbabantang umatake sa gubyerno. Ito'y kahit nabuwag na ang pribadong hukbo ng mga Ampatuan at nakumpiska na ang kanilang mga armas.

Sa kabilang banda, ipinwera ni Arroyo ang mga eryang hawak ng Moro Islamic Liberation Front kung saan neroon ang tunay na rebel-yon.

Ang deklarasyon ng batas militar sa Maguindanao ay umaani ng matitindi at malawak na batikos at protesta mula sa mga demokratikong organisasyon, mga tagapagtanggol ng karapatang-tao, mga organisasyon ng mga abugado, mga pwersang oposisyon at iba pang sektor ng mamayan, at maging mula sa Commission on Human Rights at nakararami sa mga senador. Nagsampa na rin ang ilan

sa kanila ng kaso sa Korte Suprema na kumukwestyon sa batayang ginamit ni Arroyo sa pagpapataw ng batas militar. Anila, bukod sa hindi totoong lumalaban sa gubyerno ang mga pribadong hukbo sa prubinsya, aktwal na rebelyon o pagatake sa bansa lamang ang pinahihintulutan na batayan ng konstitusyon ng 1987 para sa deklarasyon ng batas militar.

Bukod sa pangangailangang may maipalabas na tugon ang rehimen sa malawak na kahilingang pangutin ang mga Ampatuan, nag-deklara si Arroyo ng batas militar sa Maguindanao para mas madali niyang matiyak na makukuha pa rin ng mga kandidato ng administrasyon ang buung-buong boto ng prubinsya at rehiyon, gamit ang mga pwersang militar ng rehimen.

Ginawa rin ito para pigilin ang mga Ampatuan sa banta nilang ibubunya ang kanilang nalalaman sa pandaraya ni Arroyo sa mga nagdaang eleksyon, bukod sa iba pang paraan ng pagganti, kung ididiin sila ng rehimen.

Panubok din ito sa planong ipataw din o palawakin ang saklaw ng batas militar sa iba pang lugar o sa buong bansa. Gagamitin ito sa pakarang “no election” at pagpapairal ng “transition rule” para patuloy na makapaghari si Arroyo.

AB

Pagkandidato ni Arroyo, bahagi ng pakanang mangunyapit sa poder

Kinumpirma ni Gloria Arroyo ang balak niyang mangunyapit sa poder. Sa dedlayn para sa pagsusumite ng *certificate of candidacy* sa Commission on Elections (COMELEC), pormal na ipinahayag ni Arroyo ang kanyang balak na maging kinatawan ng ikalawang distrito ng Pampanga. Samantalang panay ang iwas dati ng Malacañang na pag-usapan ito, matagal na itong ikinakasa ng pamilyang Arroyo at mga kasapakat nila.

Kabilang sa mga paghahanda nila ang umabot sa 50 beses na pagbisita ni Arroyo at pagbubuhos ng pondo at mga benepisyo roon, na walang ibang kahulugan kundi maagang pangangampanya. Para makatulong sa pagtiyak ng panalo ni Arroyo sa kanyang distrito, nakikipagkutsaba ang kanyang pamilya sa angkan ng kilalang *luesteng lord* na si Rodolfo "Bong" Pineda para agawin ang pamumuno ng buong prubinsya mula sa popular na gubernador ng Pampanga na si Fr. Ed Panlilio.

Di nasasapol ng ilang kritiko ang susing punto sa pagtakbo ni Arroyo sa pag-kakongresista. Napakasimple ng kanilang interpretasyon na plano lamang ni Arroyo na maging ligtas mula sa asunto matapos ang kanyang termino bilang presidente. Inaasahan niyang sasampahan siya ng mga kaso kaugnay ng kanyang pagtataksil sa bayan, pandarambong at paglabag sa karapatang-tao na nagpatung-patong sa loob ng halos isang dekada niyang paghahari.

Ang tunay na pangmatagalang plano ni Arroyo ay sunggaban ang pwesto sa Mababang Kapulungan ng kanyang pinagmulang distrito

bilang unang hakbang. Nais niyang sagarin ang kanyang kapangyarihan bilang presidente hanggang sa huling araw ng upisyal niyang termino para tiyaking mahahawakan pa rin ng kanyang mga kampon ang mayorya sa Mababang Kapulungan upang mailuklok siya bilang House Speaker. Balak niyang gawing transisyunal lamang ang susunod na presidente. Ang mga planong ito ang tuntungan niya para sa pakanang cha-cha na magluluklok sa kanya bilang punong ministro sa ilalim ng sistemang parlamentaryo.


Ito ang "Plan A" ni Arroyo. Kahawig ito ng ginawa ni dating presidente Vladimir Putin ng Russia nang hindi na siya maaaring tumakbo para sa panibagong termino bilang presidente. Tumakbo si Putin sa parlamento at nagpwesto ng piniling kahalili, si Dmitri Medvedev, bilang presidente. Sa katunayan, si Medvedev ay tau-tauhan lamang ng dating presidente na patuloy na naghahari sa gubyerno sa Russia bilang punong ministro.


Pero sakaling maging mahirap ang lahat ng ito para sa kanya at kanyang makinarya, may "Plan B" rin si Arroyo para palawigin ang

kanyang paghahari bilang "presidenteng pantransisyon" sa pamamagitan ng *emergency powers*. Ito mismo ang dahilan kaya hinirang bilang Defense Secretary ang pusakal na kleriko-pasistang si Norberto Gonzales, isang promotor ng kultura ng walang pakundangang karaasan at walang kahiyang tagapagtuguyod ng pananatili ni Arroyo sa poder sa isang "rehimeng pantransisyon."

Lumalakas din ang mga pangamba ngayon na magpapakana ang kampong Arroyo ng kumbansyon ng dalawang senaryo. Maaaring ang idedeklara lamang na panalo sa eleksyon ay yaong mga tumakbo sa Mababang Kapulungan at mga lokal na pwesto, samantalang palabasing bigo ang eleksyon para sa mga pambansang pusicyon kabilang na ang sa presidente, bise presidente at mga senador. Ang magiging Speaker sa gayon ang siyang tatayong "presidenteng pantransisyon" habang ikinakasa pa ang cha-cha.

Lahat ng ito ay nangangahulugan na ang laban para patalsikin si Arroyo at ang kanyang rehimeng hindi pa matatapos sa pagwawakas ng kanyang kasalukuyang termino sa Hunyo 2010. Umubra man ang pakana niyang tumakbo sa Kongreso at maging punong ministro, o bumaling sila sa pagpapakana ng *failure of elections* bilang sangkalan para palawigin ang paghahari ni Arroyo sa ilalim ng *emergency transition rule*, kakailanganing ipagpatuloy ng sambayanang Filipino ang paglaban nila sa naghaharing rehimeng bulok, malupit at hayok sa kapangyarihan hanggang tuluyan itong mapatalsik at mapanagot sa lahat ng karumal-dumal nitong krimen sa mamamayan. AB





Mga aral sa antipasistang kampanya sa West Cagayan

Talong 2006 nang ilunsad ng 5th ID ng Philippine Army sa Cagayan Valley ang Task Force Amiya, isang kontra-rebolusyonaryong kampanyang binalangkas sa Oplan Bantay Laya 2 (OBL2) ng rehimeng Arroyo. Nilayon nito na durugin ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at paatrasin ang rebolusyonaryong kilusan sa silangan at kanlurang Cagayan.

Sa kanlurang Cagayan ikinonsentra ang tig-dalawang kumpanya ng 21st IB, 17th IB at 53rd Reconnaissance Company. Dinagdagan pa ito ng Separate Rifle Company, 77th Civilian Armed Auxiliary at Regional Mobile Group ng Philippine National Police (RMG-PNP). Naglunsad ang mga pwersang ito ng malalaki at tuluy-tuloy na operasyong kombat kaakibat ng paghahasik ng karahasang militar gaya ng pagpaslang sa mga lider-masa, sapilitang pagpapasurender, pagdukot, panonortyur at pananakot.

Makaraan ang ilang taong pananalasa ng OBL2, hindi lamang naigpawan ng rebolusyonaryong ki-

lusang at ng mamamayan ang pasiitang kampanya, naipagtanggol nila ang mga tagumpay sa iba't ibang larangan ng pakikibaka at napreserba ang kanilang pwersa. Napanghawakan ng panterritoryong komite ng Partido ang mahabang kasaysayan at karanasan ng paglaban ng mamamayan para isulong ang pampulitika at pangmilitar na kampanya rito.

Kahalagahan ng pagkakaisa at kapasyahan ng Partido. Ang halaga ng mahigpit na pagkakaisa mula sa antas-larangan hanggang sa mga sangay ng Partido sa lokalidad ang isa sa pinakamahahalagang leksyon nakalap ng West Cagayan

sa pagharap sa mabangis at mapanlinlang na kaaway.

Napakahalagang maitaas ang mapanlabang diwa ng hukbo at ng mamamayan. Upang makamit ito, higit pang pinataas ang pang-ideologiyang kaalaman ng hukbo at masa na siyang nagbigay ng kumpansiya at tatag sa paninindigan ng buong rebolusyonaryong pwersa sa erya. Ito ang nagpatibay sa pagkakaisa ng kolektibo ng Partido mula sa pagpaplano hanggang sa panguguna sa implementasyon ng trabaho.

Tinyak ang pagkakaroon ng mga plano, pagtatasa at pagkakaroon ng angkop na punahan hanggang sa antas ng sangay ng Partido sa lokalidad. Pinatingkad ang mga nakamit na positibong resulta ng pagkakaisa at pagtutulungan ng kolektibo. Tinalakay at nilutas din ang mga suliranin kinakaharap ng mga kasapihan at kolektibo; nilinaw ang tungkulin ng sangay sa pagpasampa at plano sa kampanyang antipasista sa West Cagayan. Sa loob ng mga organisasyong masa, bilang paghahanda sa laban, pinaglaralan ang mahahalagang dokumento tungkol sa mga operasyong militar ng Armed Forces of the Philippines (AFP).

Ang nakamit na mga tagumpay ang naging tuntungan para mahimok ang pinakamalalawak na hanay ng mamamayan na lumahok sa kampanyang antipasista. Kumilos sila para kunin ang suporta ng mga lokal na upisyal sa kanilang mga lugar, mga panggitnang pwersa, ng masmidya at iba pang personahe na tumulong sa pagsasampa ng mga kaso laban sa militar. Naitulak ang Commission on Human Rights (CHR) at pati na ang PNP na mag-imbestiga at ihayag na mga militar ang may kagagawan sa pagpatay at pagdukot.

Tuluy-tuloy na naibunyag ang



mga abuso at panggigipit ng militar sa lugar. Ginamit ng mamamayan ang iba't ibang paraan gaya ng tuluy-tuloy na pagbubulgar sa radyo sa mga tampok na pang-aabuso ng militar sa mga baryo. Kabilang dito ang sapilitang pagrerekrut sa CAFGU sa mga upisyal ng barangay, paghalalughog ng kabahayan ng mga magsasakang Agay, pagnanakaw, pangingikil at iba pa. Tuluy-tuloy ang mamamayan sa pagpapadala ng mga mensaheng *text* at nakasulat na mga pahayag sa radyo at mga pahayagan at nagparami ng mga polyeto gamit ang mga karton ng kaha ng sigarilyo at likuran ng mga lumang kalendaryo. Pinagsalita nila ang mga biktima ng karahasan sa mga istasyon ng radyo.

Nagkakaisang kumikilos ang mga magsasaka kahit pa sa panahong may dinudukot o pinapaslang ang kaaway mula sa kanilang hanay. Halimbawa nito, isandaang matatandang magsasaka, kababaihan, kabataan at mga bata ang umikot sa mga kampo ng 17th IB at sa istasyon ng Bombo Radyo para igit ang pagpapalaya sa isang lider-masa na hinuli ng kaaway. Muli nila itong ginawa nang duktin ang lima pa sa hanay nila. Dala-sa mga dinukot ay pinatay ng militar.

Mahusay din ang naging supertahan ng mga baryong magkakasnugnogn na inaatake ng kaaway. Halimbawa, kung ang isang baryo ay dinudumog ng kaaway at maluwag ang isa, ito ang nagmomobilisa ng mga tao. Nagkaisa silang magtulungan sakaling salakayin din ng militar ang karatig na mga bayan.

Wastong manera ng platon. Isa rin sa mahahalagang aral ng Partido ang pagtiyak sa wastong manera ng pagkilos ng platon para magampanan ng BHB ang gawaing masa't gawaing militar sa gitna ng mga atake ng kaaway.

Pinag-aralan ng BHB ang sitwasyong militar sa tipak at mula rito ay naitakda ang maingat at lihim na pagkilos ng platon. Nagmobilisa rin ang mga Pulang mandirigma ng mga iskwad ng milisyang bayan. Nagtasa at nag-aran ang milisyang bayan kasabay ng pagbabalik-aran sa kanilang mga tungkulin at plano. Sumama sila sa paghanda at mismong paglulunsad ng mga taktikal na opensiba.

Sa mga panahong mahigpit ang sitwasyong militar, napanatili ang mataas na moral ng mga Pulang mandirigma. Para matiyak ang seguridad, 24 na oras silang nagtataliba. Umangkop sila sa limitadong pang-araw-araw na suplay. Ang milisyang bayan ang siyang nagrekordida sa pusyon ng kaaway, magap na nagpaabot ng impormasyon sa kilos nito at nag-ayos ng suplay. Pansamantala rin silang sumanib sa platon ng BHB. Sa ganitong paraan ay natugunan ang mga batayang pangangailangan ng hukbo at nakapagmantine ito sa kabila ng mahirap na kalagayan.

Mahusay na ipinatupad ang konsentrasyon at dispersal ng platon. May humaharap sa masa para sa gawaing konsolidasyon gaya ng pagbibigay ng edukasyon at pag-aayos ng mga organisasyong masa. Ang iba naman ay binubuo bilang mga tim at iskwad upang humarap sa gawaing pinansya at gawaing militar. May panahon ding nagtatalaga ng iskwad na aasikaso sa pagpapalawak sa iba pang mga kalapit na baryo.

Hindi binitawan ang gawaing konsolidasyon sa loob ng platon. Sa gitna ng pagharap sa gawaing masa at gawaing militar, nag-aaral sila at nagpaplano. Pinagagana ang mga iskwad upang matiyak ang paggaman ng mga trabaho. Buwanan na nagpaplano at nagtatasa ang mga Grupo ng Partido sa loob

ng mga ito. Sa bawat araw, tinitiyak na may takdang gawain ang bawat Pulang mandirigma upang maging epektibo ang bawat kasa-ma at maging mabunga ang kabuuang trabaho ng platon.

Mga taktikal na opensiba. Sa loob ng apat na buwan (mula Agosto hanggang Disyembre 2008), nagsagawa ang platon ng BHB ng tatlong taktikal na opensiba at aksyong militar. Kalahok dito ang milisyang bayan na inihanda nila kasa-ma ang masa sa lokalidad. Inambus nila ang isang platon ng 17th IB, dinisarmahan ang isang tauhan ng sagadsaring pulitiko at pinarusahan ang isang ahenteng paniktik ng 17th IB.

Sa mga taktikal na opensibang ito, nakasamsam ang BHB ng M16, isang de-sabog, isang pistolang kalibre .45 at tatlo pang pistolang kalibre .38. Naglunsad din ng sari-ling mga aksyong militar ang milisyang bayan.

Sa pagkakaisa at pangunguna ng Partido, pagsandig sa masa at wastong pamamaraan ng platon ng BHB, nakamit ang isang antas ng konsolidasyon ng hukbo at mama-mayan sa gitna ng pagsalakay ng 501st Bde. Kasama ang BHB, tumapang ang mamamayan sa pagharap sa kaaway at natuto sila mula sa karanasan.

May paghupa na ang mga paglabag sa karapatang-tao, nasampa-han ng kaso ang mga upisyal ng AFP tulad ni Lt. Johnny Calub, CO ng Charlie Coy ng 17th IB at Intelligence Officer ng batalyon. Madalang na ang pagpasok ng militar sa lugar at humupa ang pwersahang pagrerekrut sa CAFGU.

Samantala, patuloy ang militarisasyon sa lugar. Pero tiwala ang buong Partido roon na lubos na magagapi ang OBL2, gaya ng pag-kabigo ng mga nakaraang kontrarebolusyonaryong pakana.

AB



10 armas, nasamsam ng BHB

Sampung armas ang nakumpiska ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa mga labanan nitong pangalawang hati ng Nobyembre hanggang unang linggo ng Disyembre. Siyam na sundalo ang napatay at 15 naman ang nasugatan sa panig ng militar. Walang kaswalting natamo ang mga Pulang mandirigma.

Disyembre 3. Tatlong sundalo ng Philippine Army ang napatay at apat ang nasugatan sa pinakahuling ulat ng mga labanan sa pagitan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at militar sa Compostela Valley.

Nagsimula ang labanan nang tambangan ng mga Pulang mandirigma ng Front 20 ng BHB ang troopa ng 28th IB ng Philippine Army habang nagpapatrulya ito sa Sityo Calaberahan, Diwata Complex, bayan ng Monkayo. Nakasamsam ang BHB ng tatlong M16.

Nobyembre 29. Dalawang M16 naman at isang pistolang kalibre .45 ang nakumpiska ng mga Pulang mandirigma ng BHB sa reyd sa himpilan ng pulisya sa bayan ng Divilacan, Isabela. Bukod dito, naka-samsam din sila ng isang *hand grenade* at isang *rifle grenade*, 44 na magasing puno ng bala, isang *base radio*, isang makinilya at pitong uniporme ng pulis.

Nobyembre 23. Apat na elemento ng 69th IB ang nasugatan nang pasabugan ng *command-detонated explosives* ng mga Pulang mandirigma ng 1st Pulang Bagani Company-BHB habang nagpapatrulya ang mga sundalo sa Barangay Fatima, Paquibato District, Davao City.

Samantala, sa Catanduanes, patuloy na binibigo ng armadong rebolusyonaryong kilusan sa isla ang inilulunsad na kampanyang militar ng kaaway. Ayon sa pinakahuling ulat ng Nerissa San Juan Command (NSJC)-BHB, dalawang sundalo ng 83rd IB ang napatay at pito ang

nasugatan nang tambangan sila ng mga Pulang mandirigma sa Barangay Guiamlong, Caramoran. Pauwi na sa kanilang kampo ang mga sundalo ng gubyerno mula sa matinding operasyong militar nila sa lugar nang sila ay tambangan.

Noon namang Nobyembre 17, kabilang si Lt. Rodel Balatbat, kumander ng Bravo Coy ng 83rd IB, sa apat na sundalong napatay nang tambangan sila ng apat-kataong tim ng NSJC sa Barangay Alinawan, bayan ng Panganiban. Sakay ng dalawang motorsiklo ang mga kaaway nang paulanan sila ng bala.

Sa laking kahihyan, hindi man lamang ibinalita ng militar sa rad-

yo't pahayagan ang pagkamatay ng upisyal ng 83rd IB.

Nobyembre 16. Sa Samar, isang M16, isang M14, isang Garand at isang karbin ang nasamsam ng mga mandirigma ng Nida Cantong Command sa ambus na inilunsad nila laban sa mga elemento ng 52nd IB sa Barangay Dawo, Oquendo District, Calbayog City, ayon sa pinakahuling mga ulat mula sa larangan.

Napatay sa ambus ang dalawang elemento ng CAFGU at malubhang nasugatan ang isang sarsento n 52nd IB.

Taliwas sa pahayag ni Lt. Col. Armando Rico, tagapagsalita ng 8th ID, walang kaswalti sa panig ng mga Pulang mandirigma.

Ang sunud-sunod na mga taktikal na opensiba sa Eastern Visayas, ani Ka Karlos Manuel, panrehiyong tagapagsalita ng BHB, ay nagpapakita na bigo ang Oplan Bantay Laya sa rehiyon.

AB

Ika-45 taon ng KM, ginunita

Naglunsad ng raling iglap ang mga kasapi ng Kabataang Makabayan (KM) para ipagdiwang ang ika-45 anibersaryo ng organisasyon nitong Nobyembre 30.

Nagmartsa ang mga aktibista mula Morayta St. hanggang Carrie-do sa Maynila noong Nobyembre 27. Nanawagan sila ng katarungan para sa mga biktima ng Maguindanao Massacre. Nanawagan din sila sa kabataan na tumungo sa kanayunan at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan.

Nagbigay naman ng pahayag si Prof. Jose Ma. Sison, tagapangulong tagapagtatag ng KM. Sinabi niya na malaki ang naging papel ng kabataan sa pagsulong ng pakikibaka ng mamamayan, laluna sa paglaban sa diktadurang US-Marcos. Maraming kadre at aktibista ng KM ang nag-alay ng buhay at humawak ng malalaking responsibilidad sa rebolusyon. Marami ang itinalaga sa kanayunan para gumampan ng gawain sa politika, militar, kultura at iba pang larangan.

Samantala, itinanghal sa University of the Philippines ang dulang *Ang Makata'y Mandirigma, Mandirigma'y Makata* noong Nobyembre 30 bilang bahagi pa rin ng pagdiriwang. Ang dulang ibinatay sa tulang "The Guerrilla is Like a Poet" ni Sison ay isinulat ni Bienvenido Lumbera at idinirihe ni Romel Linatoc.

AB



Dalawang abugado, biktima ng masaker sa Maguindanao

Dalawang abugadong tagapagtugoy ng karapatang-tao ang kabilang sa 57 biktima ng masaker sa Maguindanao noong Nobyembre 23. Sina Atty. Concepcion "Connie" Brizuela, 56, at Atty. Cynthia Oquendo, 35, ay kabilang sa mga minasaker ng *private army* ng mga Ampatuan.

Sina Brizuela at Oquendo ay parrehong myembro ng Union of People's Lawyers in Mindanao (UPLM). Myembro rin si Brizuela ng Gabriela Network of Professionals sa North Cotabato.

Pinarangalan sina Brizuela at Oquendo sa paggunita sa International Day of Women Human Rights Defenders sa Mendiola Bridge na pinangunahan ng mga kasapi ng Gabriela Women's Party, Karapatan at Tanggol Bai. Mariing tinuligsa ng mga dumalo sa pagtipon ang karumal-dumal na masaker na isinagawa ng mga kaalyado ni Gloria Arroyo.

Sa ilalim ng rehimeng Arroyo, 50 sa 1,115 biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang ay mga babaeng tagapagtanggol ng karapatang-tao.

Sumusunod ang iba pang ular sa paglabag sa karapatang-tao na nakalap ng *Ang Bayan*:

Nobyembre 27. Pinagbabaril



Concepcion Brizuela at Cynthia Oquendo

ng tatlong lalaki ang bahay ni Edgar Cadagat, presidente ng Negros Press Club at dating pambansang tagapangulo ng National Union of Journalists of the Philippines (NUJP). Sakay ng *multicab* at motorsiklo ang mga salarin.

Ang atake kay Cadagat ay hindi nakapigil sa martsa ng mga kagawad ng masmidya sa Negros noong Nobyembre 30 na naggugumiit ng hustisa para sa mga biktima ng masaker sa Maguindanao. Dalawa sa mga namatay na mamamahayag—sina Bart Maravilla ng Bombo Radyo-Koronadal at Henry Araneta ng dzRH-Cotabato—ay mga residente ng Negros Occidental. Nag-suot ng mga itim at pulang *T-shirt* ang mga nagmartsa at nagtipon sa tapat ng upisina ng Negros Press Club sa Bacolod City.

Nobyembre 28-29. Dinukot at pinatay ng mga elemento ng 25th IB, 7th Special Forces-AFP at CAFGU si Conrado Cañete, 57 anyos, isang magsasaka at ama ni Ka Jinggo, isang Pulang kumander. Huling nakitang buhay si Cañete na nakipista sa Barangay Banlag, Monkayo, Compostela Valley noong Nobyembre 28. Ayon sa mga saksi, nakisali sa grupo ni Cañete na nag-iinuman noon ang mga militar. Hindi nakauwi noon gabing iyon si Cañete sa kanyang buhay sa kalapit na Barangay Gabanan.

Madaling araw kinabukasan, nakitang itinapon si Cañete mula sa isang kotseng dumaan sa Sityo Highlander, Barangay Gabanan. Mula sa loob ng sasakyang ay pinatalan ng bala si Cañete. Nagtamo siya ng 12 tama ng bala.

Malaon nang minamanmanan ng militar ang pamilyang Cañete. Siya ang ginantihan ng militar dahil sa sunud-sunod na matatagumpay na taktikal na opensiba ng yunit ng BHB na pinamumunuan ng kanyang anak. Sa isang pahayag, sinabi ni Ka Nadem, tagapagsalita ng 4th Pulang Bagani Company ng Merardo Arce Command ng BHB sa Southern Mindanao na gawi na ng AFP na patayin ang mga kapamilya ng mga kilalang kasama para maghiganti at gipitin ang tinatarget na myembro ng BHB, tulad ng ginawa sa anak ni Ka Parago na si Rebelyn.

Nobyembre 23-24. Namatay si Danilo Benalo, 57 anyos, myembro ng Center for Filipino Seafarers at organisador ng MIGRANTE International dahil sa *stroke* (pagbabara o pagputok ng ugat sa utak) matapos siyang bantaan at tangkaing rekrutin ng mga elemento ng Intelligence Service of the AFP (ISAFP).

Bandang tanghali ng Nobyembre 23 nang lapitan si Benalo ng mga elemento ng ISAFP at magpakita sa kanya ng umano'y mahabang listahan ng datos ukol sa kanya. Sinabihan nila si Benalo na mahigit isang taon na siyang minamanmanan at wala umano siyang mapagtataguhan. Binalaan si Benalo na dudukutin at sasaktan ang kanyang mga anak kung hindi siya makikipagtulungan sa ISAFP. Ipinabu-bunya ng Benalo ang pangalan at kinaroroonan ng mga susing lider at organisador ng mga progresibong organisasyon.

Dahil sa takot para sa buhay ng kanyang mga anak, pumayag na makipagkita si Benalo sa mga ele-

mento ng ISAFP bandang alas-5 ng hapon malapit sa Cultural Center of the Philippines, Pasay City. Sinabihan niya ang kanyang kaibigan abugado na babalitaan ito hinggil sa resulta ng pakikipagkita sa ISAFP subalit hindi na niya ito nagawa. Pagsapit ng alas-7 ng gabi, tinawagan sa *cellphone* si Benalo ng kanyang kaibigan. Isang nagpakilalang Jason ang nagsabing dinala si Benalo sa ospital dahil sa *stroke*. Sinabi ng mga doktor sa pamilya ni Benalo na apat na lalaki ang nagdala sa kanya sa ospital. Namatay si Benalo noong umaga ng Nobyembre 24.

Matapos mamatay si Benalo, patuloy pa ring tinataket ng ISAFP ang kanyang pamilya. Minonitor ng ISAFP ang kondisyon ni Benalo sa ospital at gayundin ang kanyang burol.

Nobyembre 23. Tatlong kasapi ng Samahang Magbubukid ng Batangas (SAMBAT) ang dinakip ng magkasanib na pwersa ng pulisia at militar sa Talisay, Batangas. Sila ay kinilalang sina Billy Baterna, Sonny Rogelio at Charity Denio. Ang tatlong biktima ay pinaratangang mga myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Nobyembre 23. Pinagbubugbog at pinaratangang mga myembro ng BHB sina Mateo Molato, 57 anyos, at mga anak niyang sina Jimboy, 21 anyos at Richard, 18 anyos, pawang mga magsasaka. Nagtatrabajo noon sa kanilang sakahan sa Sityo Salagunting, Barangay Fatima, Paquibato District, Davao City ang mga biktima nang basta na lamang silang damputin ng mga elemento ng 69th IB. Ang isa sa mga anak ni Molato ay tinutukan ng baril sa loob ng bunganga. Pinagpipilitan ng militar na may kinalaman sila sa pagsabog ng isang eksplosibo malapit sa kanilang sakahan na ikinasugat ng apat na sundalo. **AB**

Pagbisita ni Arroyo sa UP, napigil ng protesta

MATAGUMPAY na napigilan ng kilos-protesta ng mga estudyante, guro at empleyado ng University of the Philippines (UP) sa Diliman, Quezon City ang pagtungo sana roon ni Gloria Arroyo bilang pangunahing panauhin sa pagpapasinya sa GT-Toyota Asian Cultural Center noong Disyembre 2.

Ipinahayag ng mga demonstrador na hindi katanggap-tanggap ang pagtuntong ni Arroyo sa UP. Binatikos nila ang kabiguan niyang kagyat na resolbahan ang masaker sa Maguindanao noong Nobyembre 23. Kinundena rin nila ang pagtakbo ni Arroyo bilang kongresista ng Pampanga.

Sinabi rin nilang pinalala ni Arroyo ang kalagayan ng edukasyon sa UP sa unti-unting pagbabawas ng badyet ng pamantasan at tunitding komersyalisasyon ng unibersidad.

Tinangkang buwagin ng PNP Quezon City, UP Diliman Police at UP Special Service Brigade ang kilos-protesta. Siyam na estudyante ang nasugatan nang sila ay sapanKin at posasan. May mamamahayag ding sinaktan. Sinabi ng mga aktibista na mahigpit na ipinagbabawal ng *charter* ng pamantasan ang pagpasok ng mga pulis sa kampus. Binatikos din nila si UP Diliman Chancellor Sergio Cao na siyang humiling sa pagpasok ng mga pulis sa unibersidad.

Ang piket ay pinangunahan ng Student Alliance for the Advancement of Democratic Rights in UP (STAND-UP), Contend-UP at All-UP Workers Union. Nakiisa rin ang Faculty Regent ng UP System na si Judy Taguiwalo at Student Regent na si Charisse Banez, gayundin ang mga mag-aaral ng Polytechnic University of the Philippines.

Ocampo, Maza, tatakbong independente

INDEPENDENTENG kakandidato sa pagkasenador sina Rep. Satur Ocampo ng Bayan Muna at Rep. Liza Maza ng Gabriela Women's Party sa 2010.

Ito na ang kapasyahan ng walang progresibong organisasyong pinagbuklod sa Koalisyon ng Makabayanang Mamamayan (Makabayang Mamamayan), ani Ocampo nang maghain sila ni Maza ng *certificate of candidacy* sa Commission on Elections (COMELEC) noong Nobyembre 29.

Naunsyami ang pakikipag-alyansa sana ng Makabayan sa Nacionalista Party (NP) ni Manuel Villar nang makipag-alyansa ang NP kay Ferdinand "Bongbong" Marcos, Jr. ng partidong Kilusang Bagong Lipunan.

Ayon sa Makabayan, hindi maaring magsama sa isang alyansa sina Ocampo at Marcos. Ito ay dahil sa matatag na paninindigan ng Makabayan na bawiin ang mga nakaw na yaman ng mga Marcos at bigyang-hustisa ang libu-libong biktima ng paglabag sa karapatang-tao noong panahon ng diktadura. Bago naging mga mambabatas sina Ocampo, 70, at Maza, 52, ay kilalang mga anti-Marcos na aktibista sila na nakaranas ng kapultitan ng pasistang diktadura.

Gayunman, bukas sina Ocampo at Maza sa posibilidad na may supportahang kandidato sa pagkapresidente at bise presidente. Bukas din sila na maging *guest candidate* ng mga partidong oposisyon.

Patuloy ang pagdausdos ng ekonomya

BUMAGSAK nang 22.8% ang mga import ng Pilipinas mula noong isang taon, ayon sa pinakahuling ulat ng National Statistics Office. Pangunahing salik dito ang 20.3% pagbagsak ng importasyon ng mga pyesang elektronik na bumubuo ng 33.8% ng mga produktong inaangkat ng bansa.

Awtomatiko ring bumagsak ang mga eksport dahil ang inaangkat na mga pyesang elektronik ay ginagamit sa malamanupaktura ng mga produktong elektronik na bumubuo ng mahigit 60% ng mga produktong iniluluwas ng bansa. Umabot sa 26% ang paghina sa eksport ng mga produktong elektronik mula noong isang taon. Bunga nito, umabot na lamang sa

\$3.42 bilyon ang halaga ng mga eksport nitong Hunyo kumpara sa \$4.52 bilyon sa parehong buwan noong 2008. Katumbas ito ng 24.7% na pagbagsak.

Samantala, bumagsak nang 12.4% ang bolum ng produksyon ng mga pabrika nitong Setyembre kumpara sa parehong buwan noong 2008. Labing-isang buwan nang tuluy-tuloy ang pagbagsak ng manupaktura. Pinakamalaki ang pagbagsak sa mga produktong petrolyo, mga produktong yari sa balat, mga inumin, sapatos at kasuotan, papel at produktong yari sa papel, produktong yari sa tabako, tela, mga produktong kemikal, mga produktong yari sa kahoy at makinaryang de kuryente.

Karagdagang tropa sa Afghanistan, tinututulan

TINUTUTULAN ng ilang kaalyado ng US sa North Atlantic Treaty Organization (NATO) ang karagdagang 10,000 tropa na hinihiling ng US na ipadala sa Afghanistan bilang bahagi nila sa karagdagang 40,000 tropa roon. Ito'y dahil umaani na ng mariiing pagbatikos sa kani-kanilang mga bansa ang pagsangkot nila sa interbensyunistang gera ng US. Ang pagpapadalang karagdagang 40,000 sundalo ay bahagi ng kabuuang istrathehiya ng US para sugpuin ang pakikibaka ng mamamayan ng Afghanistan. Ang US ang magpupuno ng natitirang 30,000 kinakailangang sundalo.

Isa sa mga bansang tumutol na magpadala ng karagdagang tropa ang France. Sa Britain naman, mahigit 70% ng mamamayan ay pabor sa maagang pag-atras ng kanilang mga tropa. Sa gitna ng mariiing pagtutol, 500 lamang ang

ipinangako ng Britain na maipapadala. Sa Germany, ipapailalim pa sa pag-aapruba ng parlamento ang pagpapadala ng karagdagang tropa. Ang The Netherlands at Canada naman ay may planong tuluyan nang iatras ang kanilang mga tropa. Nagpahayag ang mga upisyal ng depensa sa Canada na wala silang intensyong magpadala ng karagdagang tropa at iatras na ito sa katupsan ng 2011.

Ang Germany ay may 4,300 tropa sa Afghanistan samantalang ang France ay may 3,750 tropa. Ngayong taon, umabot na sa 98 ang kaswalti ng Britain, pinakamataas mula nang sumabak ito sa gera sa Afghanistan. Ang US ay may 298 na kaswalti at 87 naman ang mula sa iba pang bansa. Mula 2001 ay umabot na sa 1,530 ang kabuuang kaswalti ng mga mananalakay na bansa sa pangunguna ng US.

Dubai, tinamaan ng krisis

NAYANIG ang mundo ng internasyunal na pinansya at pagbabangko nang ianunsoyo ng gubyerno ng Dubai noong Nobyembre 25 na humihingi ito ng anim na buwang palugit sa pagbabayad ng mga utang. Tumanggi naman ang Abu Dhabi, na mayaman sa langis, na sagutin ang dambuhalang utang na di na mabayaran ng Dubai. Ang Dubai at Abu Dhabi ay mga estado ng United Arab Emirates.


Tinatayang umaabot sa \$80 bilyon ang kabuuang utang ng Dubai sa iba't ibang bangko. Limampu't siyam na bilyong dolyar (\$59 bilyon) nito ay ginugol sa mama-haling mga proyektong *real estate* gaya ng mga hotel, kondominyum at iba pa.

Matinding natamaan ng krisis sa ekonomya at pinansya ang sektor ng *real estate* na hinahawakan ng Nakheel, ang namamahala sa pagpapatayo ng mga mamahaling proyektong *real estate* sa Dubai. Umabot sa \$3.52 bilyon ang utang nitong hindi mababayaran.

Bunga ng anunsoyo ng gubyernong Dubai na hindi ito makapagbabayad ng utang, bumagsak ang halaga ng mga sapi sa dalawang malalaking bangko—ang Hongkong and Shanghai Banking Corporation (HSBC) at Standard Chartered. Ang naturang mga bangko ay may malaking pondo na ipinagtang sa Dubai.

Tinatayang aabot sa 250,000 manggagawang Pilipino roon ang mawawalan ng trabaho dahil sa krisis sa pinansya sa Dubai.

May pangamba rin ang mga ekonomista na masusundan pa ang Dubai ng iba pang bansa, lalo pang lalala ang pandaigdigang resesyon at bubulusok pa ang pandraigdigang sistemang kapitalista.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-MaoismoTaon XL Blg. 23
Disyembre 7, 2009
www.philippinerevolution.net

Editoryal

Duguan ang mga kamay ng rehimeng US-Arroyo

Duguan ang mga kamay di lamang ng mga Ampatuan at mga armadong pwersa nila para sa masaker sa Maguindanao. Pangunahin ang pananagutan ng rehimeng US-Arroyo at ng kabuuhan ng pinaghahari-an nitong bulok na naghaharing malakolonyal at mala-pyudal na sistema.

Ang masaker sa Maguindanao ay karumal-dumal na krimen ng isang pyudal at militaristang *warlord* na inaruga at pinalaki ng kaalyado nitong naghaharing rehimeng bilang kabayaran sa marami nitong utang sa mga Ampatuan. Binigyang-daan ng rehimeng ibayong pagpapalaki, pag-aarmas at pamamayagpag ng pribadong hukbo ng angkang ito para magamit na instrumento ng karahasan kapwa sa mga kalaban nila sa reaksyunaryong pulitika at sa mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan.

Nagulantang ang publiko sa malagim na kinahantungan ng sistematiko at walang rendang paglalarga ni Gloria Arroyo sa warlordismo ng kanyang mga alyado. Umani ng matindi at malawakang pagkundena mula sa iba't ibang sektor ng mamamayan sa buong bansa at daigdig ang karima-rimarin na masaker. Ang masaker ay isinagawa ng angkang Ampatuan, kanilang pribadong hukbo at mga kasabwata na powersang militar, paramilitar at pulisia ng gobyerno noong Nobyembre 23. Ito ay para lamang mapigilan ang pagrehistro ng kandidatura ng isang malakas na karibal mula sa pamilyang Mangudadatu, isa ring angkang *warlord*.

Umaabot na sa 57 ang natagpuang bangkay sa pinangyarian ng masaker. Kabilang sa mga biktima ang mga myembro ng ang-



Mga tampok sa isyung ito...

Mga *warlord*, inaruga ng rehimeng US-Arroyo PAHINA 3

Panibagong pihit sa laro ni Arroyo PAHINA 6

10 armas, nasamsam ng BHB PAHINA 10

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com